

WORD

²⁸Nagsalita si Pedro sa kanila, “Alam ninyo na kaming mga Judio ay pinagbabawalan ng aming relihiyon na dumalaw o makisama sa mga hindi Judio. Pero ipinaliwanag sa akin ng Diyos na hindi ko dapat ituring na marumi ang sinuman.

²⁹Kaya ng ipasundo ninyo ako, hindi ako nag-atubiling sumama. Kaya gusto ko ngayong malaman kung bakit ipinatawag ninyo ako.” **MGA GAWA 10:28,29**

(BASAHIIN ANG MGA GAWA 10.)

Makikita natin sa Mga Gawa 10 ang kwento ni Cornelius, at kung paano siya, ang kanyang pamilya, at ang kanyang mga kaibigan ay naligtas. Ipinangaral ni Pedro ang ebanghelyo sa kanila, subalit bago ito, kinailangan munang baguhin ng Diyos ang pagkakaintindi ni Pedro sa kung sino ang dapat na naaabot ng ebanghelyo. Gusto ng Diyos na makakilala sa Kanya ng iba’t-ibang komunidad gaya ng nangyari kay Cornelius – at maipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng bansa. Para matupad ito, kailangan munang mabuwag ang mga maling pag-iisip at mga balakid (gaya ng kinaharap ni Pedro). Sa araling ito, ating aaralin kung ano ba ang kahulugan nito.

1 Pagbuwag ng mga Maling Pag-iisip

³⁴Kaya nagsalita si Pedro, “Ngayon, alam ko nang walang pinapaboran ang Diyos. ³⁵Kung ang tao ay may takot sa Diyos at tama ang kanyang ginagawa kahit ano ang lahi niya’y tatanggapin siya ng Diyos.”

MGA GAWA 10:34-35

Kinailangang basagin ang naunang pagkakaintindi ni Pedro tungkol sa mga karapat-dapat makatanggap ng ebanghelyo. Ang nais ng Diyos ay ang maligtas ang lahat ng tao, kahit sino pa sila, saan man sila galing, o kung ano man ang kanilang kaibahan sa atin. Paano binuwag ng Diyos ang maling pag-iisip ni Pedro (Mga Gawa 10:9-16)? Ano ang naging tugon ni Pedro sa kanyang pangitain (Mga Gawa 10:17-21)?

2 Pagbuwag sa mga Balakid

⁴²"Inutusan niya kaming mangaral ng Magandang Balita sa mga tao at magpatotoo na siya ang tunay na pinili ng Diyos na maging tagahatol ng mga buhay at ng mga patay. ⁴³Si Jesu-Kristo ang tinutukoy ng lahat ng propeta ng ipahayag nila na ang lahat ng sumasampalataya sa kanya at patatawarin sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pangalan." **MGA GAWA 10:42,43**

Ang Magandang Balita ay hindi lamang dapat ipangaral sa Jerusalem, Samaria, at Judea, kundi maging sa lahat ng dulo ng mundo (Mga Gawa 1:8). At ang lahat ng naniniwala kay Jesus ay maliligtas. Nangangahulugan ito na dapat nating dalhin ang ebanghelyo sa labas ng ating mga rehiyon o bansa. Ano ang nangyari kina Cornelius at sa kanyang nga kamag-anak matapos nilang marinig ang Mabuting Balita (Mga Gawa 10:44-48)?

APPLICATION

- Paano nagbago ang buhay mo magmula ng marinig mo ang ebanghelyo? Paano napektuhan ng ebanghelyo ang paraan mo ng pamumuhay?
- Ano ang pananaw mo sa iba't-ibang nasyonalidad at kultura? Paano mo ito dapat i-ayon sa pagmamahal ng Diyos sa lahat ng bansa sa mundo? Paano ka magkakaroon ng higit na pagmamahal sa "missions" o sa pangangaral ng salita ng Diyos?
- Ano ang isang bagay na maaaring makapigil sa iyo sa pangangaral ng ebanghelyo? Ano ang dapat mong gawin pata mapagtagumpayan ito?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang pag-ibig na walang kondisyon na maaaring matanggap ng lahat ng tao sa anumang bansa at kultura.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayanan na makita ang mundo sa Kanyang mga mata, at na mabago ang iyong pananaw tungkol sa pag-abot sa mga tao na nasa labas ng iyong mga personal na hangganan at maging sa labas ng mga balakid na dala ng kinagisnan mong kultura.
- Ipanalangin na lagi kang susunod sa panawagan ng Diyos na abutin ang lahat ng bansa. Ipanalangin na ang kaharian ng Diyos ay patuloy na susulong at na marami pang tao ang maaabot ng Mabuting Balita ni Jesu-Kristo.



VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph